

PAANO POPROTEKTAHAN ANG PINAKAMAHIHINA LABAN SA RSV

Respiratory Syncytial Virus

MGA SANGGOL AT KABATAAN

Ang Mga Bilang Kada Taon

Ang RSV ay ang pangunahing sanhi ng pagkaka-ospital ng sanggol sa US, at nagiging dahilan ng 58–80,000 pagkaka-ospital ng mga batang wala pang 5 taong gulang.

Proteksyon para sa Mga Sanggol/Toddler

- Ang buntis na magulang ay maaaring makakuha ng **bakuna sa RSV** (inirerekomenda tuwing 32-36 na linggo ng pagbubuntis) para maipasa ang proteksyon sa sinapupunan
 - karaniwan tuwing Setyembre-Enero
- Ang sanggol ay pwedeng direktang tumanggap ng **RSV antibody**; inirerekomenda kapag mas bata sa 8 buwan ang edad
 - karaniwan tuwing Oktubre-Marso

Mga Espesyal na Konsiderasyon

Para sa mga batang 8-19 na buwan ang edad na papasok sa kanilang ika-2 panahon ng RSV, inirerekomenda ang isang dosis ng RSV antibody (iniksyon) kung sila ay:

- American Indian o Alaska Native
- Labis na kahinaan ng immune system
- Madaling kapitan ng malubhang sakit sa baga dahil sa pagiging premature
- May malubhang cystic fibrosis

MGA MAS NAKATATANDA (60+)

Ang Mga Bilang Kada Taon

Ang RSV ay nagdudulot ng malubhang karamdaman sa mga mas nakatatanda, nagreresulta 60–160,000 pagkaka-ospital at 6-10,000 pagkamatay taun-taon.

Proteksyon para sa Mga Mas Nakatatanda

- Ang mga adult na 60 taong gulang o mas matanda ay maaaring makatanggap ng **bakuna sa RSV**
 - Tumaas ang mga kaso ng RSV noon pang Hulyo sa ilang bahagi ng Estados Unidos
 - Inirerekomeda na ikaw ay magpabakuna sa sandaling ito ay available sa inyong komunidad

Mga Espesyal na Konsiderasyon

Ang RSV ay maaaring humantong sa:

- Pulmonya (impeksyon sa baga)
- Pagkaka-ospital
- Mas maraming malalang sintomas sa mga taong may chronic obstructive pulmonary disease (COPD) o congestive heart failure

Mga Pang araw-araw na Paghadlang sa RSV

- Manatili sa bahay kapag may sakit
- Takpan ang iyong mga pag-ubo o pagbahin gamit ang tissue o manggas ng kamiseta - **HINDI** ng iyong mga kamay
- Hugasan ang iyong mga kamay nang madalas gamit ang sabon at tubig nang hindi bababa sa 20 segundo
- Iwasang hawakan ang iyong mukha nang hindi naghugas ng mga kamay
- Iwasang maging malapit sa iba (halimbawa: paghalik, pakikipagkamay, pagsasalo sa mga tasa at mga kagamitan sa pagkain)
- Linisin ang mga ibabaw at madalas hawakang bagay , katulad ng hawakan ng pinto, at mga telepono.